**Administrative Procedure 260**
**Form 260-5 Tagalog**

## Taunang Pahintulot Sa Paglahok Sa Field Trip / Exursion

Nauunawaan ko/namin na ang Elk Island Catholic Separate School Division (ang "Division") ay naghahanda ng mga field trip na lalahokan ng mga mag-aaral / bata sa Division, na ayon sa pasya ng Division, ay may tiyak na halaga para sa edukasyon, kultura at sports, at sa kanilang tantiya ay isa sa mga gawain na maliit ang panganib. Ang mga maghapong pamamasyal na ito ay pangkaraniwan at lagiang nangyayari sa loob ng taon ng pag-aaral (school year). Hindi layunin ng dokumentong ito ang humingi ng pahintulot para sa mga field trip na tinatantiyang malaki ang panganib. Ibang dokumento ang ipapadala sa bahay upang humingi ng pahintulot para sa mga field trip na malaki ang panganib.

Nauunawaan ko/namin na anumang hinihinging impormasyon na medikal ay kukunin upang matiyak ang kaligtasan ng mag-aaral sa mga field trip, at ganoon din sa mga palaro ng mga mag-aaral (na pangkaraniwan ay may na likas na panganib na masaktan bagaman at may mga ginawang pag-iingat sa kaligtasan.)

Ako / Kami bilang (mga) magulang o tagapag-alaga na kumakalinga kay

______________________________________________

(ang "mag-aaral") ay pumapayag na ang mag-aaral ay lumahok sa ganitong mga field trip na hinanda ng Division at aming pinahihintulutan na lumahok ang mag-aaral. Nauunawaan ng lahat na ang aking/aming pagpayag at pahintulot ay nasasaklawan ng sumusunod na mga pasubali o kondisyon:

(1) Mananagot ang Division sa anumang kapahamakan o pinsala na matamo ng mag-aaral habang lumalahok sa ganitong mga field trip na **dulot ng kapabayaan ng Division;**

(2) Dalawang linggo, kung maari, o kaya ay hindi kukulang sa tatlong araw na may pag- aaral (school day) bago ang nakatakdang petsa ng field trip, mag-uulat sa sulat ang Division sa akin/amin, sa pamamagitan ng kaukulang paaralan, tungkol sa mga sumusunod na bagay na may kinalaman sa anumang field trip, :

- (a) ang lugar na paroroonan;
- (b) ang hinandang pamamahala;
- (c) mga petsa at mga oras;
- (d) ang mga plano tungkol sa sasakyan;
- (e) ang mga taglay na panganib na dapat ay maliwanag at alam tungkol sa field trip;
- (f) mga gastusin (kung mayroon man; at)
- (g) numero ng telepono na maaring tawagan upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa field trip.

(3) May karapatan ako/kami na sumulat sa Division, sa pamamagitan ng kaukulang paaralan, na hindi kukulang sa dalawang araw na may pag-aaral (school day) bago ang nakatakdang simula ng anumang partikular na field trip, upang ipaalam na ako/kami ay hindi na pumapayag na lumahok ang mag-aaral sa field trip na iyon; sa ganitong pangyayari, ang aking/aming pagpayag at pahintulot na ibinigay ay ituturing na binawi na, para sa field trip na iyon, at ang mag-aaral ay hindi papayagang lumahok sa field trip na iyon.

(4) Nabasa ko/namin ang mga nakasaad na pananagutan ng mga mag-aaral na nakasulat sa sa likod nito, at ang mga ito ay aking/aming pinagusapan ng aking anak, at tutuparin ko din ang mga pananagutan ng mga magulang / mga tagapag-alaga.

(5) Ang pagpayag, pahintulot at salaysay (waiver) na ito ay may bisa para lamang sa taon ng pagaaral (school year) na ito.

**Mga Pananagutan ng Mga Mag-aaral**

Ang bawat mag-aaral na lumalahok sa isang field trip ay may pananagutan na:

- Tuparin ang bawat alituntunin ng student code of conduct ng paaralan;
- Maging handa para sa uri ng field trip na lalahokan (halimbawa, magsuot ng angkop na damit at sapatos upang maging handa sa mga pagbago ng panahon);
- Ipaalam sa pinuno ng field trip (field trip leader) ang anumang pagkabahala sa kalusugan at anumang pagkain o inumin na binabawal o hinihigpitan;
- Managot sa pinuno ng field trip (field trip leader) at sa lahat ng mga tagapamahala;
- Maging responsable at matulungin habang lumalahok sa field trip;
- Tapusin nang nakasisiya ang lahat ng gawaing pang-edukasyon na may kaugnayan sa field trip bago, sa loob ng, at pagkatapos ng field trip; at
- Sundin ang mga nakasaad sa Code of Conduct, na sumusunod:

**Code of Conduct Para sa Lahat ng Kalahok sa Field Trip**

Lahat ng kalahok sa field trip ay dapat sumunod sa mga nakasaad sa code of conduct ng paaralan, sa mga pinahahalagahan (values) ng Division at kumilos na kaaya-aya sa isang kinatawan ng Elk Island Catholic School Division.

Dapat alamin ng bawat kalahok sa field trip ang mga batas at kaugalian (customs) ng lugar na kanilang paroroonan, na maaring may kaugnayan sa kanilang mga kilos at pasya habang sila ay nasa lugar na iyon.

Sa lahat ng panahon habang nasa field trip, mahigpit na binabawal sa lahat ng kalahok (pinuno ng field trip, mga tagapamahala, mga mag-aaral) ang pag-gamit ng alcohol, illegal na droga, o mga gamot na dapat may reseta ngunit hindi nireseta ng kanilang doctor, o pag-abuso ng mga gamot na dapat may reseta; ito ay ipinatutupad sa lahat ng field trip, kahit na ano ang mga pangyayari, edad ng mga kalahok o lokal na mga batas, kaugalian at kultura; at ito ay ipinatutupad din sa pinuno ng field trip at sa mga tagapamahala, maging nasa harap ng mga mag-aaral o hindi. Ang pagbili at/o pagkaroon ng anumang bagay na binabawal o hinihigpitan ay hindi pinapayagan.

**Mga Pananagutan ng Mga Magulang / Mga Tagapag-alaga**

Ang mga magulang / mga tagapag-alaga ay mag pananagutan na/sa:

- Ibalik sa paaralan sa nakatakdang panahon ang nilagdaan na pahintulot na ito;
- Ipaalam sa paaralan ang anumang pagkabahala sa kalusugan o anumang pagkain at inumin na binabawal o hinihigpitan;
- Tiyakin na ang tindi at uri ng panganib na dulot ng field trip ay bagay lamang sa kanilang anak;

- Sasakyan ng kanilang anak papunta at pabalik sa paaralan o sa tagpuan kung saan aalis at uuwi galing sa field trip;
- Upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa field trip, lumahok sa anumang pagpupulong kung mayroon man;
- Tiyakin na ang kanilang anak ay may kasuotan na angkop sa mga pagbago ng panahon, at tiyakin din na dala ng bata ang mga kailangang kagamitan, pagkain, inumin at iba pa; at
- Igiit sa kanilang anak ang kahalagahan ng kabutihang asal habang nasa field trip.

**NILAGDAAN** sa ______________________________________________ Alberta, ngayong ika- _____________

na araw ng buwang __________________________________, 20_________.

| | |
|---|---|
| ___________________________________ | ___________________________________ |
| Pangalan ng Kumakalingang Magulang / Tagapag-alaga | Lagda ng Kumakalingang Magulang / Tagapag-alaga |
| ___________________________________ | ___________________________________ |
| Pangalan ng Kumakalingang Magulang / Tagapag-alaga | Lagda ng Kumakalingang Magulang / Tagapag-alaga |